# Ang iyong Social Security Statement

MANGGAGAWA SA WANDA — Enero 3, 2022

[Tandaan: Halimbawa ito ng *Social Security Statement* (Pahayag ng Social Security) at hindi sumasalamin sa iyong personal na impormasyon. Sumangguni sa iyong personal na Social Security Statement (Pahayag ng Social Security) para sa Impormasyon na iniangkop sa iyo.]

## Mga Benepisyo sa Pagreretiro

Nakakuha ka ng sapat na kredito upang maging kuwalipikado para sa benepisyo sa pagreretiro. Upang maging kuwalipikado sa benepisyo, nagkaroon ka ng "kredito" sa pamamagitan ng iyong trabaho — hanggang apat bawat taon. Ang edad na lubusan kang makakapagretiro ay **67**, batay sa petsa ng iyong kapanganakan: Abril 5, 1962. Tulad ng ipinakita sa tsart, maaari mong simulan ang iyong mga benepisyo sa anumang oras sa pagitan ng edad 62 at 70. Para sa bawat buwan ng paghihintay mo upang masimulan ang iyong mga benepisyo, magiging mas mataas ang iyong buwanang benepisyo ay magiging mas mataas—para sa natitirang bahagi ng iyong buhay. Ang mga personal na mga pagtatantya ay batay sa iyong mga kita hanggang sa kasalukuyan at ipinapalagay na patuloy kang kumitang $ 54,489 bawat taon hanggang sa simulan mo ang iyong benepisyo. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga benepisyo sa pagreretiro, bisitahin ang ssa.gov/benefits/retirement/learn.html (disponible uniquement en anglais).

## Mga Benepisyo sa Kapansanan

Nakakuha ka ng sapat na kredito upang maging kuwalipikado sa benepisyo sa may kapansanan. Kapag nagkaroon ka ng kapansanan ngayon, ang iyong buwanang bayad ay magiging **$2,083 kada buwan**.


## Mga Benepisyo ng mga Nakaligtas

Nakakuha ka ng sapat na kredito para sa mga kuwalipikado mong miyembro ng pamilya para makatanggap ng mga benepisyo ng mga nakaligtas. Kung namatay ka ngayong taon, ang mga kapamilyamaaaring maging kuwalipikado para sa buwanang benepisyo at kasama rito ang:

| | |
|---|---|
| Menor de edad na anak: | **$1,562** |
| Asawa, kung nag-aalagang may kapansanang anak o anak na wala pang 16 taong gulang: | **$1,562** |
| Asawa, kung ang mga benepisyo ay nagsisimula sa edad ng lubusang pagreretiro: | **$2,083** |
| Ang kabuoang benepisyo ng pamilya ay hindi maaaring higit pa sa: | **$3,802** |

Ang iyong asawa o menor de edad na anak ay maaaring maging kuwalipikadosa karagdagang isang-beses na benepisyo sa kamatayan na $255.

## Personalized na Buwanang Benepisyo sa Pagreretiro Tantiya (Depende sa Edad na Nagsimula Ka)




## Medicare

Mayroon kang sapat na mga kredito upang maging kuwalipikado sa Medicare sa edad na 65. Ang Medicare ay ang programa ng insurance sa kalusugan ng gobyernopara sa:

- mga nasa edad 65 pataas,
- wala pang 65 na may ilang mga kapansanan, at
- mga taong nasa anumang edad na may End-Stage Renal Disease (ESRD) (permanenteng pagkasira ng bato na nangangailangan ng dialysis o kidney transplant).

Kahit na hindi ka nagretiro sa edad na 65, maaaring kailanganin mong mag-sign up para sa Medicare sa loob ng 3 buwan ng iyong ika-65 na kaarawan upang **maiwasan ang isang panghabangbuhay na multa sa pagpapatala**. Maaaring magamit dito ang mga espesyal na patakaran kung saklaw ka ng ilang panggrupong plano sa kalusugan trabaho mo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicare, bisitahin ang *medicare.gov* (available lang sa wikang Ingles) o *ssa.gov/medicare* (available lang sa wikang Ingles) o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**) (TTY **1-877-486-2048**).

**Ibinabatay namin ang mga pagtatantya ng benepisyo sa kasalukuyang batas, na binago ng Kongreso dati at maaaring baguhin muli upang matugunan ang mga kinakailangang pagbabago. Alamin ang higit pa tungkol sa hinaharap ng Social Security sa *ssa.gov/ThereForMe*** (available lang sa wikang Ingles).

## Record ng Kita

Repasuhin ang kasaysayan ng iyong kita sa ibaba upang matiyak na tumpak ito. Mahalaga ito dahilbinabase naminang iyong mga benepisyo sa hinaharap sa aming rekord ng iyong kita. May limitasyon sa dami ng kita na babayaran mo mga buwis sa Social Security kada taon. Ang kita na mataas sa limitasyon ay hindi lilitaw sa iyong rekord ng kita. Pinagsama namin ang iyong mga naunang taon ng kita, pero maaari mong tingnan ang mga ito sa online sa *my* Social Security. **Kung nakakita ka ng error,** tingnan ang iyong buong rekord ng kita online at tumawag sa **1-800-772-1213**.

| Taon ng Trabaho | Binubuwisang Kita para sa Social Security | Binubuwisang Kita para sa Medicare (nagsimula noong 1966) |
|---|---|---|
| 1971-1980 | $ 2,142 | $ 2,142 |
| 1981-1990 | 87,102 | 87,102 |
| 1991-2000 | 246,069 | 246,069 |
| 2001 | 34,147 | 34,147 |
| 2002 | 34,846 | 34,846 |
| 2003 | 36,021 | 36,021 |
| 2004 | 38,032 | 38,032 |
| 2005 | 39,711 | 39,711 |
| 2006 | 41,829 | 41,829 |
| 2007 | 43,971 | 43,971 |
| 2008 | 45,170 | 45,170 |
| 2009 | 44,603 | 44,603 |
| 2010 | 45,666 | 45,847 |
| 2011 | 47,093 | 47,093 |
| 2012 | 48,560 | 48,560 |
| 2013 | 49,095 | 49,095 |
| 2014 | 50,605 | 50,605 |
| 2015 | 51,996 | 51,996 |
| 2016 | 52,108 | 52,108 |
| 2017 | 53,251 | 53,251 |
| 2018 | 53,966 | 53,966 |
| 2019 | 54,559 | 54,559 |
| 2020 | 54,489 | 54,489 |
| 2021 | Hindi pa nairekord | |

## Mga Binayarang Buwis

Kabuoang tinantyang buwis sa Social Security at Medicare na binayaran sa buong panahon ngpagtatrabaho mo batay sa iyong Rekord ng Kita:

| Buwis sa Social Security | Buwis sa Medicare |
|---|---|
| Nagbayad ka ng: $75,568 | Nagbayad ka ng: $18,158 |
| (Mga) Employer: $77,498 | (Mga) Employer: $18,158 |

## Kita na Hindi Saklaw ng Social Security

**Maaari ka ring magkaroon ng mga kita mula sa trabaho na hindi saklaw ng Social Security.** Ang trabahong ito ay maaaring para sa gobyerno, estado, o lokal na pamahalaan o sa ibang bansa.

Kung nakikilahok ka sa isang plano sa pagretiro o makatanggap ng isang pensiyon batay sa trabaho na hindi ka nagbabayad ng buwis sa Social Security, maaari itong babaan ang iyong mga benepisyo. Para malaman ang higit pa, bisitahin ang ssa.gov/gpo-wep (available lang sa wikang Ingles).

## Mga Importanteng Bagay na Dapat Mong Malaman tungkol sa Iyong Benepisyo sa Social Security

- Ang benepisyo sa Social Security ay hindi inilaan para dito mo lang kunin ang kita mo kapag nagretiro ka na. Maaaring kailanganin mo ang iba pang ipon, investment, pensiyon, o mga account sa pagreretiro para matiyak na mayroon kang sapat na pera kapag nagretiro ka.
- Kailangan mo ng hindi bababa sa 10 taon ng trabaho (40 na kredito) upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyo sa pagretiro. Ang iyong halaga ng benepisyo ay batay sa iyong pinakamataas na 35 taon ng kita. Kung mayroon kang mas kaunti sa 35 taon ng kita, mga taon na walang bilang ng trabaho bilang 0 at maaaring mabawasan ang halaga ng iyong benepisyo.
- Nag-a-adjust kami batay sa pang-araw-araw na gastos para makasabay sa pagtaas ng bilihin ang iyong benepisyo.
- Ang edad sa pag-claim mo ang mga benepisyo ay makakaapekto sa halaga ng benepisyo para sa iyong buhay na asawa.
- Kung nakakuha ka ng mga benepisyo sa pagreretiro o kapansanan, maaari kuwalipikado rin ang iyong asawa at mga anak para sa mga benepisyo.
- Kung ikaw ay diborsiyado at 10 taon kayong kasal, maaari kang mag-claim ng mga benepisyo sa rekord ng iyong dating asawa. Kung ang diniborsiyo mong asawa ay tumatanggap ng mga benepisyo sa iyong rekord, hindi ito nakakaapekto sa iyo o sa halaga ng iyong benepisyo sa kasalukuyan mong asawa.
- Kapag nag-apply ka para sa benepisyo sa pagreretiro o spousal, maaaring kailanganin mo ringng mag-aplay para sa iba pang benepisyo.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo para sa iyo at sa iyong pamilya, bisitahin ang ssa.gov/benefits/ retirement/planner/applying7.html (available lang sa wikang Ingles).
- Kapag handa ka nang mag-aplay, bisitahin kami sa ssa.gov/benefits/retirement/apply.html (available lang sa wikang Ingles).
- Ang *Statement* ay ina-update taon-taon. Puwede itong makuha kapag hiniling, online man o sa pamamagitan ng koreo.